

# 1

Malikot ang mga mata ni Gormund habang gumagala sa loob ng *Red Espresso*. Talaga bang nasa isang coffee shop siya at wala sa gloria?

*Damn!* sabi ng isip niya. Alam na niya ngayon kung bakit dito siya pinapuwesto ng kanyang Lolo Ystanislao. Dahil sampu-sampera ang magagandang babes dito.

Tulad ng isang iyon, sa sulok ng mga mata ay nasisilip ng binata ang puwitan ng isang babae habang nakatuwad at may dinadampot sa sahig.

*Hmm... mala-J-Lo.*

Sa katapat naman niyang mesa, ang tatlong dilag na kanina pa nagbi-brainstorming sa kung anong mga dalang folders ay tila eksena sa boardroom—all smart, all gorgeous women. Pati sa mismong counter ng coffee shop, ang mga female service crew ay makikinis na working coeds.

Bumuntong-hininga si Gormund. Frustrated na sumimsim siya sa umuusok na Java coffee na in-order niya. Dahil ni isa sa magagandang babae ay hindi siya tinapunan ng sulyap. Kahit *aksidenteng* tingin

lang, wala.

Then he chuckled to himself. Umasa pa siya! Sino ba naman ang susulyap sa isang nilalang na animo cotton candy sa lagkit ang Afro na buhok, ang nguso ay tila binugbog ng sampung boksingero, samahan pa ng namimintog sa pagkasarat na ilong.

Di napigilang pagtawanan mismo ang sarili, muntik nang napabuga ang binata. Sumigid sa ilong niya ang kape. Inihit siya ng ubo sa samid.

Walang nakapansin. Abala ang mga tao sa mga ginagawa at siya, si Gormund Villaranza, ay hindi worth even a single second of their time.

Inunat niya ang mahahabang biyas. Mabuti pang umuwi muna siya at ituloy na lang bukas ang pagtambay sa *Red Espresso*.

Baka bukas ay palarin na siya at may isang dilag na magkagusto na rin sa kanya. Dilag na maganda, maganda, at maganda pa nang paulit-ulit.

Tumayo na si Gormund at lumabas ng coffee shop.

Saka lamang siya pinansin ng mga babae. Pero hindi na alam iyon ng binata dahil mabilis na siyang naglaho.

“Wow!” halos mapasipol na sabi ng isa sa mga babaeng nagbi-brainstorming. “He’s like a Greek god kapag nakatalikod, sa tangkad niyang iyon... pero kapag nakaharap, parang beaten boxer na nalamog sa suntok!”

Hagikgikan ang mga kasama nito.

---

Pinaharurot ni Gormund ang kanyang *Ford Expedition*. Mula sa *The Fort* ay tumuloy siya sa New Manila. Nagmenor siya nang malapit na sa isang mansyon, humimpil sa tabi ng malaking puno at itinapat sa mukha ang rearview mirror.

May kinutkot siya sa mukha.

Una ang Afro na buhok, tinuklap niya ang adhesive niyon na nakakabit sa likod ng tainga. Inilapag niya sa upuan ang nahubad na wig. Sumunod ay ang nguso ang pinagkaabalahan niya, may dinukot sa pang-itaas na gilagid at mayamaya pa ay hawak na niya ang rubberized gum na nagpaumbok sa itaas ng labi kanina.

Ipinilig-pilig niya ang ulo at minasahe ang panga bago isinunod ang pag-alis naman sa prosthetic na ilong. Nang maalís iyon ay tumambad ang isang matangos na ilong, istrikto at lalaking-lalaki.

Aristokratong guwapo.

Kinalap niya ang lahat ng disguise paraphernalia at isinilid sa sports bag na nasa passenger seat.

Nang pumasok siya sa puting mansyon ay sunud-sunod na bati mula sa mga unipormadong katulong ang sumalubong sa kanya.

“Good morning, good morning, people of the White House,” nakangiting sagot niya sa lahat, ginulo pa ang maputing buhok ng matandang hardinero. “O, Mang Kanor, namunga na ba ng pera ang mga halaman mo?”

“Kuu! Si Sir Gormund talaga, napakaloko.” May kislap ng pagkagiliw sa mga mata ni Mang Kanor. “Sige, pumasok na kayo sa mansyon at bilin ni Justice na dumerecho agad kayo sa kanya,” tukoy nito sa lolo ng binata.

Dumikit siya rito. “Mainit ba o malamig ang ulo ni Obama?” kunwari ay bulong dito.

“Mukhang mainit, eh. Pinapunta pa rito ang mga kompañero niya. Nandoon sila sa opisina ng lolo mo at dinadalhan lang ng pagkain ni Menang. Masinsinang miting yata ’yon.”

Kumunot nang bahagya ang noo ni Gormund

sa sinabi ng hardinero. Kapag nandiyan ang mga katipunerong kompañero ng kanyang lolo ay masinsinan talaga ang usapan.

At walang ibang paksa kundi siya.

“Come in,” sabi ng medyo malat at may edad na tinig matapos kumatok si Gormund sa isang silid ng mansyon.

Itinulak niya ang pinto at tulad ng inaasahan ay nakapaikot sa antigong mesa ng kanyang Lolo Ystanislao ang dalawa nitong kaibigang abogado; sina Atty. Tiborcio at Atty. Fulgao na hitit-buga sa kanilang mga pipa. Kulang na lang sa eksena ay bandila ng Katipunan.

“Hi, boys. I’m sure you’re all dying to hear what happened on my first day. Well, a lot of beautiful women fell on their knees when they saw me. Pangit man o hindi, malakas pa rin ang appeal ng apo mo, Lolo.”

Nakangising naupo si Gormund sa gilid ng isang bakanteng mesa. Ang tatlong matanda ay seryoso ang anyo.

“Huwag mong gawing kalokohan ang lahat ng ito, Gormund. Inuulit ko sa iyo, kung gusto mong patuloy na mabuhay sa kasaganaan, prove to me

that a decent woman marries you not just for your good looks!”

Nangalog sa galit ang baba ng retiradong justice sa *Supreme Court* nang sabihin iyon. Matalim ang tingin nito sa apo na inihagis ang isang folder.

Maternal grandfather ni Gormund ang matanda. Sa mga hindi kakilala ay hindi maisip na maglolo sila dahil sa layo ng kanilang mga mukha. Bagaman pareho sa height at built, sa mukha ay north at south ang dalawa.

“What’s this? Another will and testament?” Sarkastiko ang ngiting gumuhit sa mga labi niya pagkasalo ng folder. Hindi niya pinagkaabalahang buklatin iyon.

“Kakaiba ang mamanahin mo d’yan. Mga utang! Utang ng magaling mong ama!” anito na nanlaki ang mga mata. Ang dalawang kaibigang abogado nito ay tahimik lamang, ramdam din ang galit ng retiradong justice. “Lubog na sa utang ang trucking business ng magaling mong ama—lahat ng pitong truck ninyo ay nakasanla sa bangko. Inutil talaga ang lalaking ’yon.

“Ngayon, kung tutularan mo siya na pulos pambababae ang aatupagin, mabuti pang mapunta sa ampunan at kawanggawa ang kayamanan ko kesa

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

sa iyo. My daughter made a big mistake when she married your father. Kung hindi sa babaero mong ama, buhay pa sana ang anak ko.” Sa huling tinuran ay bumaba ang boses ni Lolo Ystanislao.

Hindi makapaniwala si Gormund na umabot sa ganitong sukduhan ang pagkababaero ng kanyang ama, si Rafael Villaranza. Alam niyang hindi ito gaanong magaling humawak ng negosyo, ngunit nakakatawid ang trucking business nila dahil sa bawat financial problem ay nakatakbo ang ina niya sa kanyang lolo na hindi matanggihan ang unica hija.

Ngayong wala na ang kanyang ina, suntok sa buwan kung tumulong pa sa negosyo ang kanyang Lolo Ystanislao.

“This is impossible. Alam ni Daddy na interesado ako sa negosyong ’yan. I have big dreams for that trucking business.” Higit na sinasabi niya ang mga katagang iyon sa sarili kaysa sa kanyang lolo.

“Hah! Big dreams your ass, young man! Ano ba ang inatupag mo simula ng makapagtapos ka sa kolehiyo? Babae at scuba diving! Tulad ka rin ng inutil mong ama—dahil magandang lalaki, gusto ay serbisyuhan lahat ng mga babae. At kung di ka matututo, womanizing can be your career too.” Sumandal ang abuelo ni Gormund sa mataas nitong

leather chair.

“I’m old, very old. Any day can be my last day. Ngunit hindi ako papayag na lahat ng naipon kong salapi at properties—na dugo at pawis ang ipinuhunan ko—ay waldasin lang ng kaisa-isa kong apo sa isang iglap.” Matagal nitong tinitigan si Gormund, pagkatapos ay inilipat ang tingin sa dalawang matandang abogado, hudyat na puwede nang sumabat ang mga ito.

Tumikhim ang payat na si Atty. Tiborcio bago nagsalita. “Kaya gustong ipaalala ulit sa iyo ni Justice Ystanislao ang testamento. Kasama ng mansyon na ito ang dalawang commercial building sa Makati at isang resthouse sa Tagaytay. Bukod diyan ay may trust fund din si Justice Ystanislao at shares of stocks sa malalaking kompanya na nagkakahalaga ng isandaang milyon.

“Lahat ito ay sa iyo mapupunta bilang nag-iisa niyang apo. Ngunit kung hindi mo matutupad ang nasasaad sa kanyang testamento ay masasalin ang lahat sa tatlong ampunan at iba pang kawanggawa na napili ng iyong lolo.” Binalingan naman nito ang matabang kasama na si Atty. Fulgao. Ito na ang nagpatuloy sa paksa.

“And we are here to execute this last will. At kahit



mawala na rin kami sa mundong ito, our prestigious firm will see to it that the will is followed through.”

Napangiti si Gormund. “All I wanted is the one hundred M,” tukoy niya sa milyong trust fund. “Hindi ko kailangan ang mansyon na ito o ang resthouse. All I need is the money to start off and expand the trucking business. At dahil d’yan kaya ako sumusunod sa sinasaad ng testamento. No matter how crazy it is.”

Ang magpanggap na pangit sa *Red Espresso* ay hindi madali. Lalo na at pugad pala iyon ng nagseseksihang apo ni Eba. Ngunit susunod siya sa kanyang Lolo Ystanislao. Kukuha siya ng babaeng iibig sa kanya sa kabila ng kanyang ‘kapangitan’.

His grandfather held out a finger. “Tandaan mo, hindi mo ako maaaring lokohin. Alam ko kung binayaran mo lang ang babae para makipagsabwatan sa iyo. I have my ways of finding out, young man. Hindi ako magiging respetadong justice for nothing.” Mabigat ang banta sa tono nito.

Tahimik lamang si Gormund. He knew he could not underestimate his grandpa’s keen mind.

---

Dere-derecho si Gormund sa pribadong silid ng opisina ng kanyang ama sa pier kahit pa napatindig

ang sekretarya nito upang pigilan siya.

“Nand’yan siya, Lucrecia, alam ko. Nasa labas ang kotse niya,” saway niya sa babae bago tinulak ang pinto at pumasok.

Wala sa mesa nito ang kanyang ama, ngunit sa comfort room ay may nadinig siyang kaluskos. Kumatok siya roon upang ipaalam ang presence niya.

“Dad, I need to talk to you.” Iyon lang at umalis siya sa pinto at naupo sa visitor’s chair. Pinindot niya ang intercom na konektado sa sekretaryang si Lucrecia. “Coffee, please.” Saka inilibot ng kanyang tingin ang mga libro sa bookshelves.

Kahit minsan ay hindi niya nakitang binasa ng ama niya ang mga librong iyon. Ang kanyang ina ang may ideya na maglagay nito roon upang sa paningin ng mga bisita ay isipin na intellectual si Rafael.

Kumatok ang sekretarya, dala ang mug ng umuusok na kape.

Napansin ng binata ang worried glances ni Lucrecia sa pinto ng banyo. “Thanks,” aniya bago humigop sa kape, pero ang tingin ay nasa babae na tila panicky. “Nagkakape ka na rin ba, Lucring?” taksong tawag niya sa pangalan nito. “Bakit parang ninenerbyos ka?”

“Eh, Sir... kasi... bilin ng father n’yo na huwag siyang istorbohin—kahit na raw ikaw pa ang maghanap sa kanya. Ako na naman ang masasabon niyan,” maktol ng may-edad na sekretarya.

Sinulyapan ni Gormund ang pinto ng banyo. He smelled something fishy. “Out!” biro niya sa babae. “Ako na ang paplantsa ng gulo rito.”

Pagkalabas ng sekretarya ay tinungo niya ang pinto ng banyo at kumatok doon. “That’s enough, Dad. You can get back to it, after we talk. Pera ang pag-uusapan natin. Without it, you can’t do whatever it is you are doing right now.”

Mayamaya pa ay bumukas ang pinto ng banyo. Sumulyap sa kanya ang nakatatandang lalaki habang isinusuot ang pantalon. Magulo ang gray-streaked na buhok nito.

“Can’t you wait? Damn!” angil nito nang bumara ang zipper at hindi mahatak pataas. Sa background ay nahagip ng mga mata ni Gormund ang isang babae na abala rin sa pagdampot ng saplot.

Hindi niya alam pero sa kauna-unahang pagkakataon ay may tumalab sa kanya sa pambababae ng ama. Mula kung saan ay nakita niya ang pigura ng namatay na ina, ang hinagpis nito mula’t sapul sa

pagkakaroon ng guwapo at babaerong asawa.

“Hihintayin kita sa desk mo,” sabi niya at tinalikuran ang kausap.

Kumunot ang noo ng binata. Mana nga ba siya sa kanyang ama? Ganito rin ba siya pagtanda, mahuhuli ng anak niya sa banyo habang nakikipag-ulayaw? At papatayin din ba niya sa kunsumisyon ang magiging asawa?

Umiling siya. Marami mang babae ang dumaan sa buhay niya, nakahanda siyang magpatali sa iisang babae—when the right girl comes his way.

“What is it, Son? By the way, meet Tracy here,” sabi ni Rafael Villaranza, maayos na ang hitsura nito.

Tipid namang ngumiti kay Gormund ang babae habang panay ang hatak pataas sa peek-a-boo blouse nito.

“Hi, Tracy,” tugon ni Gormund, tumindig at inakbayan ito paakay sa pinto. “Dad will see you later, Baby. In the meantime, hihiramin ko muna siya sa iyo. Ask Lucrecia to serve you snacks,” madiplomasyang sabi niya. Napasunod naman ang babae at lumabas ng silid nang walang tutol.

“What’s this all about, Gormund? Ano ba ang

nakain mo at inaabala mo ako nang ganito?” Yamot na naupo si Rafael katapat ng anak.

Bagaman mid-fifties na ang edad nito ay malinaw pa ring nakikita ang kaguwapuhan na minsang naging laman ng movie screen. Kung hindi lamang likas na tamad ay malayo sana ang narating nito sa pagiging artista noong dekada sitenta. But the man hated working late all day. Kaya nang makilala nito ang nag-iisang anak ni Justice Ystanislao ay kasal kaagad ang inalok ni Rafael kahit tatlong buwan pa lamang silang magkasintahan. Ang ina ni Gormund ay female version ni Justice Ystanislao kaya lutang lalo ang kakisigan ng dating aktor sa esposa.

Kaya naman nakahinga nang maluwag ang mga kaibigan ng mag-asawa nang ipanganak si Gormund at makitang hawig ng ama.

“Sinabi sa akin ni Lolo Ystanislao na nakasanla pala lahat ng truck natin. How could you do this to us? Wala na ang Mommy, sa tingin mo ba ay tutulong pa si Lolo para maisalba ka?” usig niya sa ama.

“Ako, hindi. Pero ikaw na apo niya ay oo siyempre! Sino pa ang tagapagmana niya kundi ikaw.” Nakatitiyak ang tono ni Rafael, inayos ang kurbata na mula’t sapul ay siyang gayak na nito sa opisina upang maihayag ang pagiging businessman sa mga

kakilala.

Inihilamos ng binata ang isang kamay sa makisig niyang mukha. “Dad...” Tumingin nang derecho ang kanyang mga mata sa kausap na kung sa babae naman itinitig, women find the urge to immediately untie their bikinis. “Inalisan ako ng mana ni Lolo.”

Nahinto ang pag-aayos ni Rafael ng kurbata.

“Wala akong mamanahin kay Lolo Ystanislao. Zero,” pagdidiin niya. Ibinilog ng kamay niya ang ibig ipahiwatig at kunwari ay nanlulumong isinandal ang likod sa upuan, inunat pa ang mahahabang biyas.

Buo ang desisyon niyang huwag ipaalam sa kanyang ama ang sinasaad ng testamento. Alam niyang kapag nalaman nitong may pag-asa naman palang mapasakanya ang yaman ng retiradong justice ay sigurado si Gormund na mandadaya si Rafael para makatupad ang anak sa kasunduan ng testamento.

“Ano! Hindi puwede ’yon! Saan naman niya dadalhin ang maiiwan niya?” matinding protesta nito. “Sana pala ay naasikaso na iyan ng mommy mo noon... sana pala ay naisalin na sa kanya ng lolo mo ang mana niya!” Nagmukhang Red Indian ang kulay ng mukha nito sa taas ng emosyon.

“Malabo rin, Dad. Lolo Ystanislao is no fool. Hindi

niya ipinamana kay Mommy dahil ayaw talaga niyang mapunta sa atin. Kaya wala tayong aasikasuhin kundi itong trucking business kung ayaw mong damputin tayong pareho sa kangkungan.”

Napalunok ang kanyang ama. Latag ang takot sa mukha sa nagbabadyang kahirapan.

“Ngayong nakasanla sa bangko ang pitong truck natin, hinihiling kong hinay-hinay na sa paggastos. Gagawa ako ng paraan—pero hindi ko ipinangangako na makakaya kong isalba ang negosyo. But of course, I’ll do my best.” Seryoso ngunit kalmado ang binata nang sabihin iyon.

“A-ano ang iniisip mong paraan? Matanda na ako, Gormund, hindi ko na kayang magtrabaho nang todo. Isa pa, ganitong buhay na ang nakasanayan ko, Anak. Please do something.” Tila biglang nadagdagan ng sampung taon ang edad ni Rafael sa hitsura nito ngayon.

Humugot siya ng malalim na paghinga saka nagsalita. “Gaya nga ng s’abi ko, I’ll do my best. But for the meantime, you can help me by cutting off unnecessary expenses.”

## 2

Galon-galong bote ng fresh cow's milk ang ipinapasok sa backdoor ng *Red Espresso*. Nakamasid ang operations manager na si Mr. Paloma at ang inaanak nitong si Sharee de Dios na siyang may-ari ng mga gatas na ini-deliver.

“Kumusta naman ang tatay at nanay mo sa Batangas? Hindi na ako makapamasyal doon. Bukod kasi sa coffee plantation ni Don Leocadio, nadagdag pa ang cacao plantation at itong coffee shop,” sabi ng ninong ni Sharee. Ito ang kanyang nilapitan para makapag-supply ng gatas sa coffee shop.

“Okay naman po sina Nanay at Tatay, miyembro ng *Couples for Christ* sa lugar namin at sa opisina naman nila ay kasali rin sa bowling session after office hours.” Empleyado ng gobyerno ang mga magulang niya. Nasisiyahang pinagmamasdan ni Sharee ang mga galon ng gatas na ngayon ay last box na ang ipinapasok.

“Mabuti nga ho na-convince ko si Tatay na i-market sa Manila ang mga gatas, kasi kontento na sila ni Nanay na local market lang ang sinu-supply-an. Extra income lang daw kasi ng family.”



## *Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Nang maipasok lahat ng gatas ay nagpaalam na ang ninong ni Sharee para bumalik sa plantation. Ang dalaga naman ay naisipan munang magkape sa loob ng coffee shop.

Two-storey ang *Red Espresso* at may mahabang patio sa itaas. Pinili niya ang patio dahil mahangin at relaxed ang atmosphere doon. Um-order siya ng raspberry mocha sa crew na lumapit sa kanya.

When she entered the patio of the coffee shop, several heads turned to look at her. Pero hindi iyon alam ni Sharee. Wala rin siyang kamalay-malay na tumaas ang mga kilay ng ibang kababaihan sa inggit. Lustrous black ang buhok niya, binagayan pa ng mala-anghel na mukha at balingkinitang katawan.

May kislap naman sa mga mata ng kalalakihan habang sinusundan ng tanaw ang dalaga hanggang makaupo siya.

Mayamaya pa'y idinulot na sa kanya ang raspberry mocha na nakalagay sa white cup and saucer with chocolate curls on top. She raised the cup and inhaled the aroma of the hot liquid then took the first sip.

Hindi niya akalaing kaya palang pawiin ng isang cup ng kape ang depression ng tao. Lumipad yata lahat ng depression niya nang nagdaang tatlong buwan.

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Kinapa ni Sharee ang cellphone sa loob ng maliit na shoulder bag at tinawagan si Jami.

“Ang aga mo, ah! I’d love to join you pero may problema na naman kami sa layout. Heto nga, pinagtitiyagaan ko ang instant coffee dito sa opisina,” reklamo ng kaibigan na ang opisina ay two blocks away lang.

“Okay lang. Babalik naman ako sa Wednesday para alamin ang feedback ng customers sa fresh milk namin. We can have breakfast together then. Pauwi na din ako pagkaubos nitong coffee.” Kung hindi lang sa Batangas pa ang bahay niya ay aaraw-arawin niya ang pagpunta rito.

“Aba, girl—from a heartbroken gal into a businesswoman ang metamorphosis mo! Ayaw mo na bang mag-work ulit? May opening akong alam dito din sa *The Fort*, gusto mo i-recommend kita?”

Isinandal ni Sharee ang likod, nilaro ang creamy froth sa kape and spooned it into her pouty mouth. “Huwag na muna. I want to try my hand in business. Malay mo nandito pala ang suwerte ko kung wala man sa love.”

Three months ago ay napilitan siyang mag-resign sa trabaho dahil ang guwapo niyang nobyo ay

nagpakasal sa anak ng kanilang boss. Daig pa niya ang nilalatigo sa tuwing makikita ang ex-boyfriend na biglang promoted din sa posisyon.

“Sister, alisin mo sa isip na hindi ka lucky sa love. Nagkataon lang na oportunistang ex-boyfriend mo kaya kahit milya ang layo ng beauty mo sa anak ng boss n’yo, ipinagpalit ka. Sayang kung maging preservatives lang ang beauty mo. Come to my office, ang daming guwapo dito,” hikayat ni Jami.

Umirap si Sharee na animo’y kaharap lang ang kaibigan. “Hindi na ako interesado sa mga guwapo. Sumpa ’yan. Two-timers ang mga ’yan.” Kasing-pait ng ampalaya ang tono niya.

Akalain ba niyang mauuwi sa wala ang apat na taong relasyon nila ni Ivan.

Na daig pa ng balde-baldeng gatas sa dairy farm nila ang iniluluha niya sa tuwing natsitsismis ang nobyo na nakitang may kasubuan ng pizza sa mall—para pagkatapos ay napapatawad din niya sa kaunting lambutsing at pa-awa effect ng guwapong mukha nito.

Sa pagtatapos ng usapan nila ni Jami ay nagkasundo silang magkita muli sa *Red Espresso* sa makalawa. Ipinagpatuloy ni Sharee ang pag-inom sa raspberry mocha.

Nang sandaling iyon ay naghahagilap naman ng maupuan si Gormund sa ibabang bahagi ng coffee shop. Napilitan siyang umakyat sa ikalawang palapag nang makita niyang walang maupuan sa ground floor. Naupo ang binata, um-order ng paborito niyang spicy Java saka maingat na pinamasyal ang mga mata sa paligid.

Tulad ng dati, hitik na naman sa naggagandahang babae ang *Red Espresso*. Kung hindi lang siya naka-disguise, madali niyang malalapitan ang isa sa mga babae. Tulad ng dating gawi... magpapakilala, kaunting chat, at mayamaya pa ay kasama na niya itong uuwi.

Dalawang babae ang dumating at naupo sa kabilang mesa malapit sa puwesto ni Gormund.

“So you see, pa’no ko makakalimutan ang lalaking iyon? He’s not only filthy handsome, but a lion in bed! So tell me...!” sabi ng isang babae, pigil ang kilig.

Napatuwid ng upo si Gormund. Hindi siya sigurado pero walang masama kung titiyakin niya. Pasimple siyang lumingon.

And it was really Fiona. *Damn!* sabi ng panicked na isip niya. Pagkuwan ay naalala niyang naka-disguise nga pala siya, hindi siya makikilala ng dating nobya.

“If he is really a big loss, bakit pinabayaan mong makipag-break siya sa 'yo?” tanong ng kasamang babae ni Fiona.

“Hindi ako pumayag! Pero ano'ng gagawin ko kung pinagtataguan na ako ni Gormund? Pati cellphone niya, iba na ang number. At lumipat din ng condo, ha,” ngitngit ni Fiona. “But you know what, feeling ko he's really serious with me. I think he's about to propose marriage kung di lang niya nalaman ang tungkol sa panliligaw ni Congressman sa akin. My poor Gormund! Hindi ko alam na possessive pala ang loko.” May pride sa tono ng babae.

Gustong humalakhak ng binata sa kabilang mesa. Kahit sa panaginip, hindi sumagi sa isip niya ang pakasalan si Fiona.

“But now that I'm already a fulfilled model, hindi ko na kailangan ang sinumang politiko. All I want is Gormund. And believe me, girl, he's going to be mine again,” paniniguro pa ng dating nobya sa kausap nito.

Nabura ang ngisi sa mukha ni Gormund. Kahit naka-disguise, pakiramdam niya ay hahagisan siya ng lambat ni Fiona anumang oras. Natanaw niya ang patio mula sa glass wall. Bitbit ang coffee mug ay tumindig siya at tinungo ang bahaging iyon ng coffee shop.

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Nang ini-slide niya ang glass door at salubungin siya ng hangin sa patio, napatingin siya sa isang babae. Abala ito sa pagtataboy ng buhok na nililipad ng hangin.

Mala-birhen ang mukha nito, mala-makopa ang rosy white skin.

Bahagyang napakunot ang noo ng binata. Hindi niya gusto ang naramdaman. Instantly, he was under her spell.

Kailan pa siya nakaramdam ng ganito sa isang babae lang?

As if in a trance, dahan-dahan siyang naupo sa mesang kinaroroonan din ng estranghera. Gormund forgot that he was not his handsome self.

---

Nahinto sa pag-ubos sa kanyang kape si Sharee. Napatingin siya sa lalaking bigla na lang sumulpot at naki-share sa kanyang mesa. Iginala niya ang paningin. Marami pa namang bakanteng table, bakit dito pa pumuwesto sa mesa niya ang estrangherong ito?

The man smiled at her and quietly sipped coffee from his mug. Ngingiti ba siya? tanong ng dalaga sa sarili. Hindi guwapo ang lalaki. Pinili niya ang ngumiti

bilang courtesy na rin.

“Do you come here often? Err... sorry if I sound intruding. Kasi assignment ko ito—to find out why people prefer to drink coffee in coffee shops than in the convenience of their own home. J-journalist kasi ako,” sabi ng kaharap niya.

Napatango si Sharee. *Journalist pala*. Then she looked at his wide kinky hair and large nose. Naglaho na ang kanyang kaba. At least, he’s not handsome. *Not a wolf in sheep’s clothing like Ivan*, sabi niya sa sarili.

“Actually, first time ko dito. Hindi ako palainom ng kape, minsan lang kapag in the mood. I came here today kasi sinubukan kong mag-supply ng fresh milk. Doing small business,” aniya, feeling sorry for him for looking like that. Lumipat sa bibig ng lalaki ang mga mata ni Sharee. Namamaga ba iyon o inborn?

“Ah, supplier ka ng fresh milk dito. Bagay sa ’yo. Bagay na bagay.” Namamasyal sa buong mukha niya ang tingin ng kausap, animo may nagkikislapang bituin ang mga mata.

“Bagay? Bakit bagay?”

“Ha? Bagay kasi... kasing-puti ng kutis mo ang gatas,” nabigla ngunit totoong sagot nito.

Natawa si Sharee. Kung guwapo ang nagsalita ay tiyak na tumindig na siya at nag-walk out. Pero dahil ang lalaking ito ay opposite ng guwapo, hindi nasuya ang dalaga.

“Alam mo, allergic ako sa mga bolero,” prangka niyang sabi, “Pero dahil s’abi ng gut feeling ko na puwedeng mabait ka naman, hindi na lang ako maiinis.” She gave him a stunning smile that showcased pearly white teeth.

“Oh, yes. Tama ang gut feeling mo. I mean no harm. By the way, I’m Gormund. And you’re not Milky Way, I hope?” corny na wika nito.

“Sharee de Dios.” Iniabot niya ang kanang kamay. Nabigla siya sa ginawa, kailanman ay hindi siya nagpauna ng ganito sa isang lalaki. Na-guilty si Sharee. Dahil ba pangit ang kaharap at imposibleng ma-fall siya ay kumpiyansa siya sa sarili?

“Gormund Villaranza,” the man said. This time she noticed the voice. It was firm and very pleasant. Ang boses ay buo at tunog intellectual, tulad ng mga executives sa Hollywood movies.

“Saang newspaper ka nga pala nagsusulat?”

“Sa *Metro Flash*. My next project is featuring young female entrepreneurs. Puwede ba kitang



maging subject?”

“H-ha? Teka... hindi pa ako kabilang d’yan. Kasisimula ko pa lang—nangangapa pa nga ako. Maliit lang ang dairy farm namin, sa Batangas lang mina-market ng parents ko ang gatas, sa gumagawa ng pastillas. Idea ko lang ang mag-supply dito sa *Red Espresso*. Subok lang.”

“Tyan nga ang kailangan kong i-feature, baguhang entrepreneur. Iyong mga kagaya mo—nagsisimula kahit bata pa. Sige na naman. Hindi ako makakaabala sa schedule mo, ikaw ang masusunod sa oras. Okay lang din sa aking puntahan ka sa Batangas para mas convenient sa iyo.” He was almost pleading.

She looked at his face. Hindi siya pintaserang tao, pero hindi niya mapigilang maawa sa anyo ng kaharap.

“Ano naman ang mai-impart ko sa iyo? Subok lang ang ginagawa ko.” Nanliit siyang matawag na young entrepreneur. Napagbalingan lang naman niya ang dairy farm dala ng broken heart.

Nanlumo ang mukha ng kaharap. Ang malapad na ilong ay kumibut-kibot, ang nakausling nguso ay lumaylay pa at lalong sumagwa.

“Sige na naman pumayag ka na, kasi mahihirapan

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

akong lumapit pa sa ibang babae. Kaya nga rito sa coffee shop, pulos lalaki lang ang na-interview ko sa tatlong araw na ibinalik-balik ko rito. Nahihya akong lumapit sa kababaihan. Hindi naman puwedeng panay lalaki lang ang mai-report ko dahil may mga babae rin namang nagkakape.” Hindi lang anyo nito ang makapunit-dibdib, pati tono ay pang-telenovela.

Nakagat ni Sharee ang kanyang labi. Ganitong pagkaawa ang naramdaman niya para kay Beast ng *Beauty and the Beast* noong bata siya. Parang labahing pinipiga ang puso niya sa habag.

Narito ang isang nilalang, tapat na naghahanapbuhay ngunit pati anyo ay nagiging sagabal. Samantalang ang demonyong si Ivan na biniyayaan ng kakisigan ay umabuso at na-promote pa nang walang hirap!

“Sa Wednesday nandito ako uli. 'Kita tayo, same time,” aniyang nagbago ang isip. Pagbibigyan ang kausap sa hiling nito.

Sumaya ang mukha ni Gormund.

# 3

Mula sa *The Fort* ay nag-taxi na si Sharee papuntang FX terminal na byaheng Batangas. Habang tumatakbo ang sasakyan ay naalala pa niya ang dialogue ni Ivan tungkol sa paghihiwalay nila.

“Kapag nagtanong sila, tell them it’s you who broke up with me. Kapag may nagtanong sa akin, ’yan din ang sasabihin ko.”

Pa-consuelo de bobo nito. Binibigyan siya ng pride sa huling pagkakataon. Nagtagis ang mga bagang ng dalaga sa alaalang iyon.

Nang nasa Batangas na ang tinatakbo ng FX shuttle at madaraanang nila ang gusali ng dati niyang opisina, nahapit ni Sharee ang bag sa kanyang dibdib. Tila nakikita niya uli ang nahahabag na mga tingin ng kaopisina sa huling araw niya sa kompanya. Kahit pilit niyang pinasasaya ang hitsura, sinasabi sa lahat na hiniling ng tatay niyang asikasuhin niya muna ang dairy farm nila, alam niyang hindi naniwala ang mga ito.

The truth was written all over their faces. Nahabag sila sa kanya dahil alam na por delicadeza

kaya siya nag-resign. At kahit gusto siya ng lady boss nila ay hindi siya pinigilan dahil anak nito ang lumikha ng sugat sa puso ni Sharee.

Kung puwede lang sabihin sa driver na paharurutin ang sasakyan upang hindi na siya makaramdam ng pagdurusa.

Kinabahan siya nang humimpil pa ang FX shuttle sa tapat mismo ng gusali na kompanyang pinagtrabahuhan niya dati.

“Pakiusod lang ho d’yan sa gitna, may sasakay,” antipatikong sabi ng driver na siya at ang katabi niyang matabang ale ang pinatutungkulan.

“Nakasiksik na nga ako dito sa sulok, ah!” reklamo ng matabang ale. Si Sharee naman ay napilitang dumikit nang husto rito upang may maupuan ang bagong pasahero.

“Sharee! Oy, Remy, nandito si Sharee!” nagulat na wika ng isa sa dalawang may-edad na babae pagkabukas ng pinto ng FX shuttle.

Napasinghap ang dalaga. Sa dinami-dami ng makakasakay, ito pang dalawang taga-accounting department nila ang papara. Talo pa ng mga ito ang tabloid sa paghahatid ng tsismis sa opisina.

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Nang makaupo sa loob ay bumanat kaagad si Remy kahit halos mapisa ang payat na katawan sa siksikan.

“Alam mo na ba ang bagong balita? Buntis si Krissy, ’yung kasama namin sa accounting! Five months na! At alam mo ba kung sino ang sinasabing ama? Si Ivan!”

Napamulagat si Sharee. Paanong mangyayari iyon, tatlong buwan pa lang silang break ni Ivan?

“Kaya hayun, terminate agad ni Ma’am Carmen si Krissy. Siyempre ayaw niyang makaladkad sa kahihyan ang bago niyang son-in-law.” Nanulis pa ang nguso ni Remy matapos ibalita iyon.

“Sabihin mo rin kay Sharee kung ano ang reaction ni Detdet!” susog ni Pilar, tinukoy ang napangasawa ni Ivan.

Namilog ang mga mata ni Remy sa tila bombshell na bibitawan. “Defensive ang karibal mo! Hindi naman daw siya ang na-two-timer ni Ivan kundi ikaw dahil ikaw pa ang girlfriend ni Ivan nang ma-pregnant si Krissy. Tama ba iyon? Maldita talaga ang batang iyon, palibhasa spoiled brat.”

Gusto niyang maglaho. Kahit saan, kahit sa tambutso ng FX shuttle na lang siya mapunta upang

hindi na mapakinggan pa ang kuwento ng kausap.

Napasulyap siya sa ibang pasahero, parang nanonood ang mga ito ng telenovela na nakaabang sa reaksyon niya. Pati ang driver ay pasulyap-sulyap sa rearview mirror ng sasakyan.

“Kumusta ka na ba ngayon? Okay ka na ba?” tactless na pag-aalala ni Remy sa lagay niya.

“Of course.” Sharee managed a smile. “Galing ako sa Manila, inasikaso ko ’yung supply namin ng fresh milk sa isang coffee shop. M-mapapadalas na siguro ako doon k-kasi nga doon ang market namin.” Gusto niyang palabasing smooth-sailing ang buhay niya, na wala na sa kanya ang nangyari. Sinulyapan niya ang mga usyoserong pasahero pati ang driver.

Mukhang hindi kumbinsido ang mga ito.

“Tama ’yan, pick up the pieces of your life and move on. Hindi tamang iyakan ang tulad ni Ivan. Grabe sa pagkababaero!” payo ni Pilar. “Pero napakaguwapo naman kasi ng lokong iyon. Kung bata-bata pa ako at walang asawa, baka isa rin ako sa nakipikot sa ex mo, Sharee!” buwelta nito pagkatapos, sabay halakhak.

*Now you know the story plot*, gusto niyang sabihin sa mga nakikiusyosong pasahero. Sa isang iglap, nailahad sa loob ng FX shuttle ang love story niya.

“Pero pasalamat ka na rin, Sharee. Ngayon wala nang magpapaluha sa iyo. Di ba kami pa nga ang madalas makahuli sa lalaking iyon? Di ba nga nag-date pa sila n’ung dating secretary sa personnel department, kaya pala hindi nakasipot si Ivan sa birthday mo!” ratsada ng patpating si Remy.

Sharee couldn’t believe what was happening! Chapter by chapter bang ilalahad sa loob ng FX shuttle na iyon ang kasawian niya? Her mind was telling her to scream, pagsasampalin ang dalawang tsismosa at pukulin naman ng sapatos ang mga usyoserong pasahero at driver.

“Para! Mama, para! D’yan lang ho sa tabi, pakibilisan!” Isinukbit niya sa balikat ang shoulder bag.

“Okay ka lang ba talaga, Sharee?” nagdududang tanong ni Remy nang makababa siya.

“I’m fine. I’m perfectly fine,” she hissed.

Sa halip na pumara ng panibagong FX shuttle o ng jeepney ay sumakay na lang ng tricycle ang dalaga. Special ang bayad niya, sinigurong wala siyang makakasabay.

---

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Pinanonood ni Sharee ang paggagatas ng kaibigang si Eileen sa isa sa kanilang mga baka. Tulad niya ay beinte-cuatro na rin ang edad nito, ngunit tatlo na ang anak ng kababata dahil seventeen pa lang sila nang mag-asawa ito. Dito niya inilahad ang sentimyento sa nangyari sa FX shuttle.

“Kung kasama mo ako kanina, siguradong pinagbuhol ko ang dila ng mga hitad na ’yon!” Nilapirot nito ang suso ng baka upang palabasin nang husto ang gatas.

“Ewan ko ba, may nananadya yata,” buntong-hininga niya. “Habang iniwasan mo ang mga taong ayaw mo nang magkaroon ng kaugnayan sa buhay mo, lalo namang naglilitawan.”

Umiling-iling si Eileen. Sandali siyang pinagmasdan nito bago nagsalita. “Hindi kita masisisi sa kawalanghiyaang ginawa sa iyo ng Ivan na iyon, pero sisihihin kita sa ginagawa mo sa sarili mo ngayon. Daig mo pa ang kriminal sa pag-iwas. Makakaiwas ka ba naman sa kanila, eh, taga-rito lahat ang kakilala n’yo ni Ivan? My friend, wala kang ginawang masama. Ikaw ang naapi. Nasa iyo ang simpatiya ng lahat.”

“You bet. Kuha ko talaga ang simpatiya nila dahil sa kabila pala ng pagmamartir, ang ending ay



ipinagpalit pa rin ako sa iba. I don't blame them kung iniisip nilang may mali siguro sa akin kaya naagaw pa rin ng ibang babae si Ivan." Tinulungan niya si Eileen na hilahin ang napunong balde ng gatas.

Pinanlakihan siya ng mga mata ng kaibigan. "Iyan ba ang iniisip mo? Gumising ka nga! Alam mo namang kinaiiinggitan ka ng lahat—maganda, matalino, martir... este, mabait—'tapos sasabihin mong may mali sa iyo kaya naagaw ng iba si Ivan? Walang mali sa iyo—babaero lang talaga ang ex mo kasi nga guwapo."

"Yan, 'yang kaguwapuhan na 'yan ang naging kalbaryo ko." Naroroon na naman ang pait sa tono ni Sharee.

"Aba, dapat lang naman na guwapo ang kapareha mo dahil maganda ka."

Inirapan niya ang kausap. "Hindi mo ako naiintindihan. Kung hindi guwapo ang boyfriend ko, walang mga babaeng sisilo sa kanya. At kung hindi rin guwapo si Ivan, hindi aapaw ang confidence niya para manligaw ng iba't ibang babae kahit pa may girlfriend na siya. Magmula ngayon, wala nang guwapong makakalapit sa akin. I'll kill those bastards!" Nanlisik ang mabibilog na mata ng dalaga, animo si Medusa.

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Muntik nang matisod ni Eileen ang timba ng gatas. “At ano ang gusto mong mapangasawa—kamukha nitong mga baka? Aba, lalo kang pagpipiyestahan ng mga tsismosa!”

Hindi na narinig ni Sharee ang kaibigan dahil hindi lang niya isinasaisip ang bagong creed sa buhay, isinasapuso na rin niya. Nakatarak nang malalim.

---

Mula sa condo unit ay pumunta si Gormund sa kanyang lolo para ibalita ang tungkol kay Sharee. Natagpuan niya ang matanda na nasa kitchen at animo veteran chef na abalang mag-isa sa pagluluto.

“O, nariyan ka pala,” sabi ng kanyang abuelo nang mapansin ang presence niya.

“Nand’yan naman si Aling Menang, bakit ikaw ang nagluluto?” aniya. Sa edad nitong sitenta ay maganda pa rin ang tikas at tindig.

“Exercise ko ito. Isa pa, hindi alam ni Menang ang mga specialty ko. Kahit noong bata pa ang mommy mo, ipinagluluto ko siya. ’Yan ang tatandaan mo, hindi nakakabawas ng ka-macho-han ang pagluluto. Ang magaling mong ama, ni pritong itlog ay hindi yata napagsilbihan ang anak ko.”

Solong pinalaki ng retiradong justice ang kanyang mommy dahil ang esposa nito ay namatay sa panganganak. Sa mga larawan na nakikita ni Gormund sa bahay ay napakaganda ng kanyang lola.

Ayon sa mga kamag-anak at mga kaibigan ng kanyang lolo, mabait at maasikaso ang kanyang lola. Kaya halos ikabagsak ng mundo ni Justice Ystanislao ang pagpanaw ng esposa, ngunit dahil sa solong anak ay nabuhay ulit ang mundo nito.

Ikinuwento ng binata ang pagtatagpo nila ni Sharee.

“Mukha bang disente? O baka naman tulad din siya ng mga babaeng idini-date mo—kung di pulang-pula ang suot ay litaw ang mga pusod.”

“Not this one, Lolo. Disenteng-disente ang dating mula mukha hanggang talampakan.” Nangiti si Gormund nang maalala ang ganda ng babae. “Parang gatas ang balat, at kahit yata basahan ang isuot, angat pa rin sa karamihan.”

“Sandali, s’abi mo ay nagkausap na kayo. Baka naman hindi ka naka-disguise kaya siyempre kinausap ka! Hey, young man, malalaman at malalaman ko kung may hocus-pocus ka sa usapan natin!” Matindi ang duda sa mga mata ni Justice Ystanislao.

*Coffee With Ampalaya - Rue Mondragon*

---

Umiling si Gormund. “Yon nga ang isang kahanga-hanga sa kanya, kahit halatang napapangitan siya sa mukha ko, hindi ako binastos nang nilapitan ko. Medyo natakot noong una, pero dahil estranghero ako at hindi dahil pangit ako. Kalaunan ay mahusay na ang takbo ng usapan namin. Siyanga pala, Lolo, puwede bang papuntahin mo uli rito si Mr. Gomaco? Bawasan naman natin ang kapangitan ko, kahit yata mga baklang perya hindi ako matitipuhan,” reklamo niya dahil deep inside ay gusto niyang ipakita kay Sharee ang totoong anyo, ipagyabang dito ang totoong mukha.

Malapad ang ngisi ng kanyang lolo, nabura na ang inis. “Over my dead body! At huwag kang magkakamaling puntahan si Gomaco, magsusumbong sa akin iyon. Malaki yata ang ibinayad ko sa kanya para igawa ka ng ganyang mukha.” Ang binanggit nitong tao ay isang ekspertong artist na naka-base sa London.